
Forest Foundation Philippines
Let's grow together.
Project Forest
Fostering Outdoor Reading and Environmental Stewardship Together
EKOMUNIKATIB
Multimedia Consultancy Services

# Ang Tatay Kong Bantay Gubat

Kuwento ni Keith Anthony S. Fabro
Guhit ni Benedict Luis L. Castro



Karapatang-ari © 2024 Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services,
Keith Anthony S. Fabro at Benedict Luis L. Castro

Lahat ng karapatan ay reserbado.
Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring muling likhain sa anumang anyo nang walang pahintulot na nakasulat mula sa mga may-ari ng karapatan.

Unang Edisyon, 2024

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas
Inilathala ng Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services
Kapwa tagapaglathala: Forest Foundation Philippines, Puerto Princesa Subterranean River National Park (PPSRNP) Management Office, DepEd Puerto Princesa City Division, at USAID Sustainable Interventions for Biodiversity, Oceans, and Landscapes (SIBOL)

Manunulat: Keith Anthony S. Fabro
Patnugot: Jee Y. Geronimo
Tagaguhit: Benedict Luis L. Castro
Tagalapat: Edrich Q. Pasamonte

Mga Tagasuri:

*PPSRNP Management Office*
**Elizabeth A. Maclang** - Protected Area Superintendent
**Jan Elmer I. Badilla** - CEPA Chief
**Jacinth D. Mabayag** - CEPA Specialist
**Allan Brix E. Madrona** - CEPA Specialist

*Forest Foundation Philippines*
**Joanne Chua** - Project Officer for SIBOL
**Ana Veronica Gabriel** - Palawan Landscape Coordinator
**Bryan Joel Mariano -** Knowledge Management Specialist
**Schenley Anne Belmonte -** Communications Specialist
**Mary Janelle Regina Uy** - KM/Comms Associate

*USAID SIBOL*
**Jocelyn Caseres** - Palawan Site Team Lead
**Mickel Ollave** - PPSRNP SECOMO
**Lorelie Astrera** - GYESI Specialist
**Jo Javan Cerda** - Communications Specialist
**Wulmar Cerio** - Technical Writer
**Alan Kristofer Motus -** Media & Program Coordinator

*Tagbanua Central Indigenous Cultural Communities*
**Servillano F. Lumibao -** Tribal Chief, CADC Cabayugan
**Eliseo F. Rodrigo -** IP Representative, CADC Kayasan
**Leon L. Quilan -** IP Representative, Bgy. Marufinas
**Midardo F. Rodrigo-** President, SATRIKA

*DepEd Puerto Princesa City Divison*
**Laida M. Lagar-Mascareñas, CESE**
OIC, Schools Division Superintendent

**Rufino B. Foz**
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

**Cyril C. Serador, PhD**
Chief, Curriculum Implementation Division

**Sheila B. Tindog, PhD** - EPS (LRMS Manager)
**Glenda A. Almeniana** - EPS (English)
**Luis R. Mationg** - EPS (Filipino)
**Rolando A. Taha, PhD** - EPS (Science)
**Dennis M. Lucas, PhD** - EPS (TLE)
**Antonieta C. Miguel** - EPS (Values Education)
**Imelda C. Oblan -** PSDS IPED Focal Person
**Eva Joyce C. Presto** - PDO II
**Rhea Ann A. Navilla** - Librarian II

*Division Learning Resource Evaluators*
**Enrile O. Abrigo, Jr.** - Editor (Language)
**Jim Paul M. Belgado** - Editor (Language)
**Daniel C. Tabinga, Jr.** - Illustrator
**Jay M. Maravilla** - IPR
**Liezl O. Arosio** - Layout Artist

Ang aklat na ito ay ginawa sa ilalim ng Project Fostering Outdoor Reading and Environmental Stewardship Together (FOREST), isang *environmental education initiative* na nakatuon sa mga kabataan sa PPSRNP. Ang proyekto ito ay pinondohan ng Forest Foundation Philippines (pumapasok sa komersyo bilang Philippine Tropical Forest Conservation Foundation, Inc.), at ipinatupad ng Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services, katuwang ang PPSRNP Management Office, DepEd Puerto Princesa City Division, USAID SIBOL at Palawan State University College of Arts and Humanities Extension Services Office.

# ANG TATAY KONG BANTAY GUBAT

Kuwento ni Keith Anthony S. Fabro
Guhit ni Benedict Luis L. Castro



Sa paanan ng makapal na kagubatan ng Puerto Princesa Subterranean River National Park, marahang umiihip ang malamig na hangin na nagpapasayaw sa mga punongkahoy na nakapalibot sa tahanan nina Eman.






Si Eman ay isang batang kabilang sa pangkat etnikong Tagbanua. Salat sa salapi ang kaniyang pamilya kaya't laging pinaaalala sa kaniya ng mga magulang na magsumikap sa pag-aaral.

At ganoon nga ang kaniyang ginagawa — siya ay nagsisipag at nangunguna sa kanilang klase.

"Ano ang kahalagahan ng kagubatan?" tanong ng kanilang guro.



Tumaas ng kamay si Eman. "Ang kagubatan ay aming tahanan. Mahalaga ito hindi lamang para sa aming mga katutubo kundi maging sa mga komunidad dito sa parke dahil nagbibigay ito ng tubig, pagkain, kabuhayan, malinis na hangin, at iba pa."

"Tama," sagot ng guro na may bakas ng pagkamangha sa mukha. "Bukod diyan, tumutulong din ang kagubatan upang panatilihing banayad ang klima at bawasan ang mga panganib na dulot ng bagyo tulad ng pagbaha at pagguho ng lupa. Ito rin ay nagsisilbing tahanan ng mga buhay-ilang at marami pang iba."



Alam na alam ni Eman ang kahalagahan ng kagubatan dahil dito nakakabit ang kultura at pagkakakilanlan nilang mga Tagbanua. Ang kaniyang ama rin ay isang *forest ranger* na matagal nang nagtatrabaho sa parke.

"Ang tatay ko ay tagapagtanggol ng kagubatan laban sa mga iligalista," pagmamalaki nito sa mga kalaro. "Balang araw, gusto ko ring maging katulad niya."





Likas kay Eman ang pagiging matalino at mahilig mangatuwiran. Kapag may mga nang-aasar sa kaniyang mga kalaro na kapuwa katutubo, ipinagtatanggol niya ang mga ito.

"Bakit ninyo ba pinagtatawanan ang mga katutubo?" pagsisita niya sa mga batang kalaro.



"Hindi ninyo ba alam na bago pa pormal na naitatag ang lugar na ito, nandito na ang aming mga ninuno para bantayan ang kagubatan at iba pang mga likas-yaman?"

Natahimik ang mga bata at natutuhang igalang ang mga kalarong katutubo.




Nakita ng amang si Eke ang pangyayari dahil susunduin nito si Eman. "Anak, hanga ako sa iyong inasal," sabay tapik sa balikat ng anak.

“Tatay, alam ko na ang gusto kong trabaho paglaki ko!” wika ni Eman.

"Ano naman iyon?"

"Gusto ko maging isang *forest ranger* gaya mo!" masayang tugon ng bata.





"Natutuwa akong marinig na gusto mong sundan ang yapak ko," ani Mang Eke.

"Opo, dahil napagtanto ko na mahalaga palang maprotektahan natin ang makapal na kagubatan."

Sa kanilang paglalakad pauwi, nakasalubong nila ang tagapamanihala ng parke na si Ate Beth. "Eman, ang matalinong anak ni Eke!" bati niya sa mag-ama na nagagalak na makita ang lider. "

"Nakikita kong balang araw, ikaw, kasama pa ng ibang mga kabataan ngayon, ang susunod na mangangalaga dito sa parke. Galingan mo, bata!"





Maya-maya lang at nakarating na sila sa kanilang tahanan kung saan naghihintay ang kaniyang Nanay Eva na nagtatrabaho rin sa parke bilang isang tagapangasiwa at *tour guide* sa *jungle trail.*

"Aba! Nandiyan na pala kayo," nakangiting bati ni Aling Eva. "Pagkatapos ninyong magpalit ng damit, kakain na tayo ng hapunan. Nagluto ako ng sinigang na isda."





Sa mga pagkakataong hindi nasusundo ni Mang Eke ang anak sa paaralan, siya ay makikita sa mayabong na kagubatan ng parke.

Ilang kilometro lagi ang nilalakad ng kanilang grupo. Isang araw, may namataan silang senyales – isang matayog na kahoy na itinumba.



Malaking panlulumo ang naramdaman ni Mang Eke. Alam niya ang benepisyo ng kagubatan sa kanila at sa mga susunod na henerasyon.



Isang araw, may natanggap na sumbong si Ate Beth patungkol sa iligal na pamumutol sa kagubatan. Pinulong nito sina Mang Eke at ang kaniyang mga kasamahang *forest ranger* upang planuhin ang operasyon.



Matapos ang kanilang pag-uusap, tumungo na sila sa gubat sa pangunguna ni Mang Eke na lider ng pangkat.



Mabigat ang pakiramdam ni Mang Eke habang binabagtas niya at ng kaniyang grupo ang masukal at matinik na daan patungo sa pusod ng kagubatan. Lumamig at lumakas ang ihip ng hangin. Nagbabadyang tumangis ang kalangitan.



Tumigil sa pagkanta ang mga ibon at saka nagliparan papalayo sa mas mataas na bahagi ng kabundukan.




"*Bang! Bang! Bang!*" Pumailanlang ang putok ng *blow gun* sa di- kalayuan.

Nagtakbuhan ang grupo nina Mang Eke patungo sa isang ligtas na bahagi ng kagubatan dahil sa takot na mas marami ang mga armadong kalaban. Sa pagmamadali, natisod at napilayan si Eke.



"Diyos ko, tulungan mo kami! Iuwi mo akong buhay sa amin," pagsusumamo nito habang nagbabalik-tanaw sa masasayang alaala niya kasama ang pamilya.



Kahit mangiyak-ngiyak siya dahil sa sobrang kirot ng binti, pinilit niyang gumapang. "Hindi ako puwedeng sumuko."

Pansamantalang nagpalipas ng gabi si Mang Eke at ang kaniyang mga kasamahan sa makapal na kakahuyan.

Sa kanilang bahay, ipinaalam ni Ate Beth ang nangyaring trahedya sa kaniyang grupo at siniguradong ginagawa nila ang lahat ng makakaya para sa *search and rescue*.

Humagulgol naman si Aling Eva nang marinig ito. "Ipangako ninyo po na makauuwi nang buhay ang aking asawa," pakiusap nito.




"Nanay, tahan na," sabi ng bata sa ina. "Magtiwala tayo sa Diyos na ligtas ang tatay.”

Kinahapunan, may magandang balitang nakarating sa pamunuan ng parke. Nakita na nila si Mang Eke, bagama't hinang-hina ito.

Nabuo ulit ang pamilya nila. "A-a-nak...hindi ba pangako ng tatay ay hindi ko kayo iiwan," sabi ni Mang Eke kay Eman na nagdudumaling sinalubong at niyakap siya kasama ang ina.



"Tatay, salamat at buhay ka," sabi ng bata. "Lagi kitang ipinagmamalaki dahil sa malaking papel na ginagampanan mo sa pangangalaga ng kagubatan at sa mga benepisyong hatid nito."



Ilang araw lang, natunton na rin ng mga kinauukulan ang suspek. Kinasuhan siya ng pamunuan ng parke. Matapos ang ilang buwang paglilitis, napatunayan ang kaniyang pagkakasala at siya ay nakulong.



Dahil sa pagpapakabayaning ipinamalas ni Mang Eke, mas tumibay pa ang pagnanais ni Eman na sundan ang yapak ng ama.

"Tatay, alam ko na ngayon kung bakit gusto ko talaga na maging katulad mo," sabi nito sa ama. "Para maipaglaban ko ang kagubatan at maipamana pa ito sa mga susunod na henerasyon."



Sa "***Ang Tatay Kong Bantay Gubat***," *makikilala ng mga batang mambabasa si Eman, isang masigla at masayahin na batang katutubong Tagbanua. Hinahangaan ni Eman ang kaniyang amang si Eke, isang bantay gubat at tunay na bayani na lumalaban sa ilegal na pagputol ng punongkahoy sa parke. Pangarap ni Eman na sundan ang yapak ng kaniyang ama paglaki niya. Ang kaniyang ina naman ay nangunguna sa mga ecotour sa parke na tumutulong din sa pangangalaga ng kagubatan. Gayunpaman, biglang nagbago ang kanilang buhay nang makaharap ng pangkat ni Eke ang mga armadong mangangahoy sa kagubatan. Makababalik pa kaya nang ligtas si Eke sa piling ng kaniyang mag-ina?*






***Si Keith Anthony S. Fabro, LPT*** *ay isang mamamahayag, guro, at mananaliksik na nakatuon sa agham pangkalikasan na nakabase sa Palawan. Natapos niya ang kanyang BA Mass Communication Journalism track (Cum Laude) sa Palawan State University noong 2015 bilang isang iskolar ng Commission on Higher Education. Ang mga likhang pamamamahayag niya ay mababasa at mapapanood sa Palawan News, Rappler, Mongabay, Dialogue Earth, Eco-Business at Channel News Asia. Siya ay tumanggap na ng pangnasyonal at internasyonal na mga parangal tulad ng Agriculture Journalist of the Year Award noong 2022 mula sa Philippine Agricultural Journalists Inc., Excellence in Environmental Reporting Award noong 2020 at 2022 mula sa Society of Publishers in Asia, at UNESCO Man and Biosphere Young Scientist Awards noong 2024.*



***Si Benedict Luis Castro*** *ay isang visual artist na nakatira sa Palawan at nagtapos ng Bachelor of Arts in Communication sa Palawan State University. Siya ay lumilikha ng mga digital artworks na kanyang inilalathala sa kanyang Facebook page na Just Luis. Ang page na ito ay nagsisilbi niyang talaarawan na naglalahad ng mga kaganapan sa kaniyang buhay, masaya man o malungkot. Bukod dito, siya rin ay nakikipagtulungan sa mga brands sa kanilang mga ad campaigns sa pamamagitan ng pinagsama niyang unique humor at cartoon illustrations.*

**SA PAKIKIPAGTULUNGAN NG:**

*Para sa mga komento at mungkahi, maaari mag-email sa Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services sa* ***ekomunikatibmultimedia@gmail.com.*** *Sundan ang* ***Project FOREST (@projectforestph)*** *sa Facebook para sa mga update at higit pa!*